

ANG PAGBABAGONG MUKHA NG PAGTULA NG MGA MODERNONG MAKATA

Ni:

Adam Helson G. Elardo

Teacher I, St. Francis National High School

Hindi maitatangi na tayong mga Pilipino ay mahilig sa pagtula. Paanong hindi tayo mahuhubog nito? Simula pagkapanganak pa lang ay inaawitan na tayo ng ating mga magulang para makatulog. Tayo ay hinulma ng mga kagandahang asal mula sa mga salawikaing makikita sa kanto at lansangan. Pinatalas ang isipan at nilibang tayo ng mga bugtong at palaisipan. Hinaplos ng epiko ang ating makabayang pag-unawa at kultura buhat sa mga aralin sa paaralan. Kahit saan yata na may pagtitipon ay may karaoke at kantahan. Lahat ng mga ito ay binubuo ng linya, laro ng tunog, at lalang ng mga salita na syang mga birtud ng pagtula.

Kung katutubong pagtula ang pag-uusapan, ang sukat at tugma ay kailangan. Mahigpit sa padron at panuntunan ang lumang panulaan. Ayon kay Almario (2017) ang unang mga tula ay pabigkas, unang sangkap nito ang panghalina ng pandinig. Ang paglikha ng sukat at tugma sa tula ang isa sa mga pangunahing instrumento ng makata sa panghuhuli ng himig at aliw-iw.

Ngunit sa patuloy na pag-inog ng panahon, ang mahigpit na sistemang ito ng pagtula ay unti-unting inaanod ng daluyong ng pagbabago at modernisasyon – ang pagtula ay nagbabagong mukha. Ito ngayon ang hamon sa maraming guro sa Filipino, kung paano ituturo ang kaligiran at kahalagahan sa modernong panahon ng lumang pagtula. Gayunpaman, kasabay ng pagbabagong bihis ng kultura ay ang unti-unting pagkalag sa mahigpit na panuntunang ito at pagsandig ng ilang makata sa malayang taludturan. Ngunit nais ko ring bigyang diin na ang mahuhusay na makata sa modernong panahon ay gumagawa ng makabong paraan upang laroin ang tunog at salita

ng pagtula kahit ito ay may malayang taludturan dahil hindi ibig sabihin na malaya ang isang tula ay hindi na isasalaang-alang ang esensya ng sukat o tugmaan.

Ang awit ay isa ring tula, at ang tula ay isa ring awit.

Kaugnay ng paglalaro ng tunog at salita ng pag-awit sa bagong panahon ay mababangit ang tinatawag na rap mula sa kulturang hiphop. Ito ay maikokonsidera rin na tula dahil ito ay isang genre rin ng pag-awit kahit na ito ay may tila magkahalong prosa at patulang paraan ng paglalahad ng mga salita. Ito ay kinakanta nang mabilis na sinasabay sa tinatawag na beat o kung minsan ay cappella.

Dahil pinag-uusapan na ang rap, hindi maiiwasang mabanggit ang tintawag na rap battle o fliptop rap battle. Ito ay nagsusulong ng kulturang hiphop sa Pilipinas. Ito siguro ang katumbas ng dupluhan at balagtasang noong araw sa panahon ngayon. Kagaya ng mga nabanggit na mga tula, ang fliptop battle ay paligsahan ng husay ng salita at talas ng isipan sa pamamagitan ng isang debate ng dalawang o higit pang mga emcee (femcee kung babae). Lamang, kapansin-pansin na ito ay gumagamit ng mga tahasan at bulgar na mga salita. Hindi tulad sa duplo na ginagamit pang batayan ang mga salawikain at ilang mga sipi sa Bibliya, at debate na madalas ay pokus ang paksang pinagtatalunan kaysa sa katalong ginoo, ginang o binibini. Sa fliptop battle ay may halo pang pagmumura at pang-aalipusta. Malaking bagay hindi lamang ang laro ng salita at taludtod kundi ang kabuoang performans ng mga magtatalo.

Isa pang tula na nauuso ngayon ay ang tinatawag na spoken word poetry. Ito ay isang sining ng oral na pagtula na inilalahad sa harapan o entablado sa madla sa pamamagitan ng pagsasalaysay. Mistulang nagmomonologo ang makata sa unahan. May natatangi din itong aliw-iw at intonasyon na naiiba sa ibang klase ng tula, may pagkabanayad at marahan ang pagsasalita at punong-puno ng emosyon ang mga linya. Ang tulang ito ay may “dakilang paksa.” Ibig sabihin, seryoso ang mga paksa ng tulang ito na tumatalakay sa karanasan, kalikasan, pagmamahal at kagandahang-asal.

Patuloy na uusad pa ang panahon. Tiyak na paglipas ng ilang mga taon ay may makabagong pagtula pa ang uusbong. Ngunit ano pa man, ang pagtula ay mananatiling pagtula, iba-iba man ang paraan ng paglalahad at tunguhin nito. Mananatili itong may taludtod at talinhaga, laro ng tunog at lalang ng mga salita.

Sanggunian:

Almario, V. 2017. Taludtod at Talinghaga: Mga Sangkap ng Katutubong Pagtula. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino.